{Nangako kami ng katapatan sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa pakikinig at pagtalima sa hirap at ginhawa at sa kasiglahan at katamlayan, sa [pagtanggap ng] pagtangi laban sa amin,

Ayon kay `Ubādah bin Aṣ-Ṣāmit (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nangako kami ng katapatan sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa pakikinig at pagtalima sa hirap at ginhawa at sa kasiglahan at katamlayan, sa [pagtanggap ng] pagtangi laban sa amin, sa hindi namin pakikipag-agawan sa pamumuno sa mga tagapagtaglay nito, at sa pagsasabi namin ng katotohanan naging saan man kami. Hindi kami nangangamba alang-alang kay Allāh sa isang paninisi ng isang tagasisi.}

[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Tumanggap ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng kasunduan at tipan mula sa mga Kasamahan niya kaugnay sa pagpapasakop sa mga may pamumuno at mga tagapamahala sa kadalian at kahirapan at kalagayan ng kariwasaan at karukhaan. Maging ang mga utos nila ay kabilang sa kinasisiyahan ng kaluluwa o kinasusuklaman nito. Kahit pa man kung sakaling nagtangi sa sarili ang mga tagapamahala higit sa pinamamahalaan kaugnay sa pampublikong yaman o mga puwesto o iba pa rito, tunay na kinakailangan para sa kanila ang pakikinig at ang pagtalima ayon sa nakabubuti at na hindi sila maghimagsik laban sa mga ito dahil ang sigalot at ang kaguluhan sa pakikipaglaban sa mga ito ay higit na mabigat at higit na matindi kaysa sa kaguluhang nangyayari dahil sa kawalang-katarungan ng mga ito. Kabilang sa pakikipagkasunduan nila na sabihin nila ang katotohanan sa alinmang lugar bilang mga nagpapakawagas kaugnay roon para kay Allāh, habang hindi nangangamba sa sinumang maninisi sa kanila.

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/3061